**San Francisco Ethics Commission**
25 Van Ness Avenue, Suite 220, San Francisco, CA 94102
Phone: 415.252.3100 . Fax: 415.252.3112
ethics.commission@sfgov.org . www.sfethics.org

| Received on: |
|---|
| |

# Form para sa Reklamo

May hurisdiksyon ang Komisyon sa Etika na imbestigahan ang mga pinaghihinalaang paglabag sa pondo ng kampanya ng Lungsod, lobbying, mga salungatan ng interes, etika ng pamahalaan, at batas sa proteksyon ng whistleblower. Ang mga batas lang kung saan may awtoridad ang Komisyon ang puwede nitong imbestigahan at tugunan.

Para sa mga tanong tungkol sa mga partikular na sitwasyon na posibleng natukoy mo bilang paglabag bago ka maghain ng reklamo online, makipag-ugnayan sa amin sa .commission@sfgov.org o 415-252-3100 bago ka gumawa ng aksyon.

Puwede mong ihain ang form na ito sa alinman sa ilang paraan:

(1) tukuyin ang iyong pagkakakilanlan at kumpirmahing totoo at tumpak ang iyong mga pahayag;
(2) tukuyin ang iyong pagkakakilanlan at huwag kumpirmahing totoo at tumpak ang iyong mga pahayag;
(3) sa anonymous na paraan.

Susuriin ng Staff ng Komisyon ang lahat ng reklamo para matukoy kung sapat ang mga pinaghihinalaang detalye ng mga ito para sa mga partikular na paglabag sa batas sa hurisdisyon ng Komisyon para magsagawa ng kumpletong imbestigasyon. Nakadepende ang haba ng prosesong iyon sa ilang salik, kasama ang pagiging kumpikado ng mga hinala at ang availability ng, o pangangailangang makakuha ng, paunang ebidensya.

Bukod pa rito, puwedeng kumplikado at abutin nang ilang buwan bago malutas ang mga imbestigasyon. Sa ilalim ng Charter ng Lungsod, hindi magagawa ng Komisyon sa Etika na kumpirmahin o hindi kumpirmahin ang pagkakaroon ng anumang reklamo o imbestigasyon, at mga pangkalahatang update lang ang puwede nitong ibigay tungkol sa status ng isang reklamo sa taong naghain nito. Hindi makikipag-ugnayan sa iyo ang Staff ng Komisyon maliban kung may kailangan pa kaming impormasyon.

Ang form para sa reklamong ito ay hindi isang nakasulat na kahilingan para magpasimula ng sibil na pagkilos laban sa Lungsod at County ng San Francisco, o laban sa iba pang indibidwal o entity. Ang Komisyon sa Etika ay hindi kumikilos bilang tagapagsulong ng mga indibidwal sa kanilang mga alitan sa mga departamento o empleyado ng Lungsod.

Para sa higit pang impotmasyon, tingnan ang: https://sfethics.org/enforcement

| 1. IMPORMASYON NG NAGREREKLAMO | |
|---|---|
| **ANG IYONG PANGALAN** | |
| **ADDRESS** | |
| **NUMERO NG TELEPONO** | **EMAIL** |

Kung kailangan mo pa ng espasyo na higit sa ibinigay sa anumang seksyon ng form na ito, maglakip ng hiwalay na dokumento na nagsasaad sa iyong mga sagot.

| 2. Impormasyon ng Respondent |
| --- |
| **Ibigay ang pangalan, posisyon, affiliation (hal. departamento sa Lungsod, komite sa kampanya, entity ng negosyo), address ng negosyo, at numero ng telepono ng bawat tao na nagsagawa sa (mga) pinaghihinalaang paglabag.** |
| |

| 3. Paglalarawan ng (Mga) Hinala |
| --- |
| **Ilarawan ang mga detalyeng sa palagay mo ay may paglabag. Maging detalyado sa pagbibigay ng impormasyon, at isama ang mga petsa kung kailan nangyari ang mga pinaghihinalaang paglabag at ang mga pangalan ng mga taong sa palagay mo ay lumabag sa batas o may naging kontribusyon sa mga paglabag sa batas.** |
| |

## 4. Impormasyon ng Saksi

**Ibigay ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bawat taong sa palagay mo ay may impormasyong makakatulong sa Komisyon sa pagsusuri sa reklamong ito. Ilarawan din ang impormasyong sa palagay mo ay maibibigay ng mga nasabing saki.**

## 5. Dokumentasyon

**Maglakip ng mga kopya ng anumang dokumentong hawak mo na nauugnay sa mga hinalang nakasaad sa reklamong ito.**

**Kung mayroon kang mga dokumentong hindi puwedeng i-upload o ilakip (hal. audio o video na materyales, o impormasyong available lang sa Internet), isama ang (mga) URL address kung saan available ang nasabing impormasyon o isaad sa ibaba na ipapadala o ihahatid mo ang nasabing impormasyon sa Komisyon sa Etika. Bukod pa rito, isaad sa ibaba kung may iba pang record, na wala sa iyo, na sa palagay mo ay makakatulong sa Komisyon na suriin ang iyong reklamo.**

## 6. Karagdagang Impormasyon

**Magbigay ng iba pang impormasyong sa palagay mo ay makakatulong sa Komisyon na suriin ang reklamong ito.**

## 7. Mga Kaugnay na Reklamo

**Kung naihain mo na ang pareho o katulad na hinala kaugnay ng mga parehong indibidwal sa iba pang ahensya o hukuman, tukuyin ang ahensya o hukuman at maglakip ng kopya ng anumang reklamo o iba pang nakasulat na paglalarawan ng mga hinalang isinumite sa ahensya o hukumang iyon.**

## 8. Pagkumpirma

Puwedeng maghain ng mga hindi pormal na reklamo sa anonymous na paraan. Hindi dapat sagutan ng mga nagrereklamo na gustong manatiling anonymous ang seksyong ito ng pagkumpirma. Gayunpaman, pakitandaang hindi inaatasan ang Komisyon na iproseso o tugunan ang mga hindi nakumpirmang reklamo.

**Pinapatunayan ko, sa ilalim ng parusang perjury ng mga batas ng Estado ng California, na totoo at tama ang mga pahayag sa itaas.**

| LAGDA | PETSA NG PAGLAGDA |
|---|---|
| | |

## 9. Pagsusumite

☐ Bago mo isumite ang form na ito, lagyan ng check ang kahong ito para kumpirmahing nakumpleto mo na ang form at nailakip mo na ang anumang nauugnay na dokumento.

Puwede ka ring magsumite ng aktwal na kopya ng iyong reklamo sa address ng tanggapan ng Komisyon

San Francisco Ethics Commission
Attn: Enforcement Division
25 Van Ness Avenue, Suite 220
San Francisco, California 94102

sa pamamagitan ng e-mail
ethics.commission@sfgov.org

o sa pamamagitan ng telepono
415-252-3100